


# PAGPAPATAW NG BUWIS SA TRANSPORTASYON UKOL SA MOVE SEATTLE



## BORADOR NA PANUKALA – MARSO 2015

Ang ating sistema ng transportasyon ay kritikal sa ating kalidad ng buhay at siglang pangkabuhayan. Pinagagalaw ng mga kalye, bangketa, at tulay ng Seattle ang mga daan-daang ng mga libo-libong mga tao araw-araw. Sa itaas niyan, sinusuportahan nila ang akses sa kargamento, na tumitiyak na ang mga kalakal ay nakapapasok sa at palibot ng lungsod upang ang mga salansanan ng mga tindahan ay puno at ang mga parsela ay nakararating sa iyong pinto. Pinakamahalaga, nakadepende ka sa sistema araw-araw, kung pinili mo mang sumakay ng transit, magmaneho ng kotse, sumakay ng bisikleta, o maglakad.

Sa huling walong taon, ang pagpapataw ng buwis sa transportasyon na Bridging the Gap ay nakatulong na matugunan ang ating atraso sa pagmamantine (maintenance backlog), masiguro ang serbisyo sa transit, at mapabuti ang kaligtasan sa kalsada. Ang kasalukuyang buwis ay mapapaso sa katapusan ng 2015. Ang ating tumatandang imprastruktura, mabilis na lumalagong populasyon, at nagbabagong pangangailangan sa paglalakbay ay nangangailangan ng mga karagdagang pamumuhunan upang matiyak ang ligtas, maaasahan at episyenteng paglalakbay para sa lahat.

Upang maisakatuparan ito, si Alkalde Ed Murray ay nagharap ng Move Seattle – ang kanyang sampung-taon na pangtransportasyon na bisyon na nagsamasama sa ating mahabang-yugtong mga plano para sa paglalakad, pagbibisikleta, transit, at kargamento at naglalathag ng isang holistikong lapit para harapin ang mga pangangailangan ng Seattle sa araw na ito at bukas. Isang susing elemento sa pagtupad sa bisyon na ito ay isang bagong pagpapataw ng buwis sa transportasyon upang palitan ang mapapaso na. Ang Pagpapataw ng Buwis ukol sa Move Seattle ay isang borador na panukala na naglalayong pangalagaan ang mga batayan, pagmamantine ng mga kalye, tulay, at bangketa, habang namumuhunan sa hinaharap na may mga pagpapabuti na

nagbibigay sa atin ng higit na mga pagpipilian sa paglalakbay upang pagalawin ang higit pang mga tao sa loob at labas ng Seattle.

Gusto naming makuha ang iyong input at reaksiyon sa borador na panukalang ito bago ipadala ito ni Alkalde Murray sa Konseho ng Lungsod ng Seattle sa Mayo. Ang Lungsod ay kinakailangang magsumite ng pinal na panukalang pagpapataw ng buwis sa County ng King sa maagang bahagi ng Agosto upang mailagay ito sa balota sa Nobyembre 2015.

Maging bahagi ng diskusyon at tumulong sa pagbibigay-hugis ng panukala sa pagpapataw ng buwis sa transportasyon. Tingnan ang likurang pahina para sa mga detalye.



“Ang Seattle ay isa sa pinakamabilis na lumalagong mga lungsod sa bansa. Ang Pagpapataw ng Buwis sa Transportasyon ukol sa Move Seattle ay mamumuhunan sa batayang kaligtasan at pagmamantine ng ating sistemang transportasyon. Magbibigay ito sa atin ng isang kritikal na mahalagang oportunidad upang muling bigyang-hugis ang pamamaraang makalibot ng ating lumalaking populasyon, sa araw na ito at bukas.”

—Mayor Edward Murray

# Pagpapataw ng Buwis ukol sa Move Seattle Borador na Panukala

## PANGANGALAGA SA MGA BATAYAN

Yamang kaligtasan ang aming pinakamataas na prayoridad, ang pagpapataw ng buwis ay magpopondo sa mga pagpapabuting sesmiko at patuloy na mga pagkukumpuni at pagmamantine ng ating imprastruktura sa transportasyon. Pananatiling may kontrol sa pang-araw-araw na mga pangangailangan sa pagmamantine sa araw na ito ay makakapagtipid sa atin ng pera bukas.

## ISANG LIGTAS NA LUNGSOD

Panatilihin ang mga manlalakbay ng Seattle na ligtas sa pagtatrabaho upang maalis ang mga seryoso at mapanganib na bangaan at sesmikong pagpapalakas ng mga mahihinang tulay

\$350 milyon sa loob ng 9 na taon

Ipatupad ang isang programa upang maalis ang mga seryoso at mapanganib na bangaan sa mga kalye ng Seattle

- Tapusin ang 12-15 mga proyekto ng kaligtasan sa koridor, na nagpapabuti ng kaligtasan para sa lahat ng mga manlalakbay sa lahat ng mga kalyeng mataas ang panganib sa bangaan
- Tapusin ang 9-12 na Ligtas na mga Ruta sa Paaralan bawat taon kasama ang edukasyon sa kaligtasan, na nagpapabuti ng kaligtasan sa paglalakad at pagbibisikleta sa bawat pampublikong paaralan sa Seattle
- Pataasin ang dalas ng pagpipinta ng tawiran sa apat bawat taon o isang mas mahusay na siklo upang matiyak na ang bawat tawiran ay malinaw na namarkahan

Protektahan ang mga pinakamahinang manlalakbay – mga taong naglalakad at nagbibisikleta

- Magtayo ng halos 50 milya ng bagong protektadong mga daanan ng bisikleta at 60 milya ng mga berdeng daanan, na tinatapos ang mahigit sa kalahati ng network sa buong lungsod ng Pangunahing Plano sa Pagbibisikleta (Bicycle Master Plan citywide network)
- Kumpunihin ang hanggang sa 225 bloke ng nasirang mga bangketa sa ating mga sentrong bayan at nayon
- Gumawa ng mga pagpapabuti ng kurbang rampa at tawiran hanggang sa 750 interseksiyon sa buong lungsod
- Tapusin ang Nawawalang Kawing ng Landas Burke-Gilman (Burke-Gilman Trail missing link) sa Ballard

Panatilihin ang ating mga tulay na ligtas

- Alisin ang mga atraso (backlog) ng kinakailangang mga pagkukumpuni ng puwesto sa tulay
- Sesmikong patibayin ang 16 mahihinang mga tulay
- Palitan ang huling kahoy na tulay para sa sasakyan ng Seattle (sa Fairview Avenue) na nagdudugtong sa dalawang pinakamalaking mga sentro ng trabaho ng lungsod
- Magplano at magdisenyo ng mataas na prayoridad na mga pamalit na tulay na magsisimula ang konstruksiyon pagkatapos ng 2024



## ISANG ABOT-KAYANG LUNGSOD

Mamuhunan sa pagmamantine sa araw na ito upang maiwasan ang pinataas na gastos para sa mga residente ng Seattle sa darating na panahon at magbigay ng mga alternatibo sa pagmamay-ari ng kotse, kabilang ang higit pang mga abot-kayang opsiyon sa paglalakbay

\$275 milyon sa loob ng 9 na taon

Imantine at isamoderno ang 233 na daanang-milya ng ating pinakaabalang mga kalye

- Muling sementohan ang hanggang 170 daanang-milya ng mga arterial na kalye, minamantine at minomodernisa ang 35% ng pinakaabalang mga kalye ng Seattle na nagdadala ng karamihan sa mga tao at kalakal
- Muling sementohan ang 65 inasintang mga lokasyon bawat taon, na bumubuo ng karaniwan sa 7 arterial na daanang-milya bawat taon, na mayroong programa sa pagkukumpuni at pagmamantine na pinatatakbo ng mga tripulante ng Lungsod

Magbigay ng mga kasangkapan upang tulungan ang mga tao na makapaglibot nang walang gastos sa pagmamay ari ng kotse

- Makipagtulungan sa mga negosyo upang mapabuti ang akses ng empleyado sa mga pasas ng transit, mga pagkamiyembro sa pagbabahagi ng bisikleta at kotse (bike share at car share memberships)
- Makipagtulungan sa mga residente, mga panginoong maylupa, at tagapagtayo ng bagong mga gusali upang matiyak ang akses sa transit, pagbabahagi ng kotse, pagbabahagi ng bisikleta, at iba pang mga opsiyon sa paglalakbay

# Pagpapataw ng Buwis ukol sa Move Seattle Borador na Panukala

## PAGTATAYO PARA SA HINAHARAP

Habang lumalaki ang Seattle, ang ating sistema sa transportasyon ay dapat lumaki at magbago rin. Ang ipinanukalang pagpapataw ng buwis ay nagpaprayoritisa sa pag-unlad ng isang interkonektadong sistema na nagbibigay ng madaling gamitin, maaasahan, at abot-kayang mga opsiyon sa paglalakbay para sa lahat.

## ISANG INTERKONEKTADONG LUNGSOD

Magbigay ng madaling-gamitin, maaasahang sistema sa transportasyon na nagbibigay sa mga manlalakbay ng mga opsiyon na gusto nila kapag gusto nilang gamitin

\$170 milyon sa loob ng 9 na taon

Imodernisa ang mga pinaglumaang kalye upang magbigay sa mga taop ng kombenyente at abot-kayang mga opsiyon sa paglalakbay

- Tapusin ang 7-10 mga proyekto sa multimodal na koridor, na muling dinidisenyo ang mga pangunahing kalye upang mapabuti ang pagkakakonekta at kaligtasan para sa lahat ng mga manlalakbay, sa paglalakad man, pagbibisikleta, pagmamaneho o pagsakay ng transit
- Gawin ang serbisyo ng bus na mas maaasahan sa pamamagitan ng isang komprehensibong programa sa pagpapabuti ng transit upang maalis ang mga pagbuholbuhol ng trapiko sa mga susing lokasyon
- Mahusay na gamitin ang pag-ooras ng signal sa trapiko sa 5 mga koridor sa buong lungsod bawat taon upang mapabuti ang daloy ng trapiko at mapagsilbihan ang mga tao na nakasakay sa mga kotse at trak, sa bisikleta, transit at naglalakad
- Lumikha ng 7 bagong mataas na kalidad na mga koridor para sa bus rapid transit

Mapabuti ang mga koneksiyon sa magaanang riles (light rail)

- Magbigay ng pondo para sa isang bagong istasyon ng Kawing ng magaanang riles sa Kalye Graham sa timog-silangang Seattle
- Pondoan ang isang tulay ng tumatawid at bisikleta sa I-5 na komokonekta sa magaanang riles sa Northgate
- Magtayo ng inasintang mga koneksiyon ng tumatawid at bisikleta sa mga istasyon ng magaanang riles

Gawing mas madali ang paglalakad at pagbibisikleta sa Seattle

- Magtayo ng 100 bagong mga bloke ng mga bangketa, pinupuno ang 50 % ng mga bangketa sa mga prayoridad na koridor ng transit sa buong lungsod
- Gawin ang mga pantahanang kalye na walang mga bangketa na mas ligtas at mas komportable sa paglalakad
- Maglagay ng 1,500 na bagong mga paradahan ng mga bisikleta sa buong lungsod

## ISANG MAKULAY NA LUNGSOD

Mamuhunan sa mga kalye at bangketa na buhay-na-buhay sa pangkabuhayan at panlipunang aktibidad

\$105 milyon sa loob ng 9 na taon

Mapabuti ang mobilidad ng kargamento at mga sasakyan sa paghahatid

- Magbigay ng lokal na pera upang magdisenyo at magtayo ng tulay na tawiran sa Kalye ng Lander
- Itayo ang koridor ng Silangang Gilid na Daanan (East Marginal Way), isang susing ruta sa Mabigat na Network na Daanan (Heavy Haul Network) ng Seattle
- Pondoan ang isang inasintang programa sa pagpapabuti ng puwesto upang makatulong sa mobilidad ng kargamento

Mamuhunan sa mga prayoridad na proyekto sa kapitbahayan

- Tapusin ang 20-35 na mga prayoridad na proyekto sa kapitbahayan upang mapabuti ang kaligtasan, mobilidad at akses at kalidad ng buhay sa mga kapitbahayan

Pangalagaan ang ating kagubatang bayan at mapabuti ang kanal sa mga komunidad na bahain

- Palitan ang bawat puno na tinanggal dahil sa sakit o kaligtasan nang dalawang bagong mga puno
- Magdagdag ng isang tripulante ng bagong puno na nakatuon sa mabilis na tugon sa kritikal na mga pangangailangan sa pagpuputol (tulad ng daanan para sa mga taong nagbibisikleta at naglalakad, at sa mga hintuan ng transit) at upang matiyak ang malinaw na mga linya ng paningin sa mga signal at senyas sa trapiko
- Makipareha sa Seattle Public Utilities upang masemento ang mga kalye, magbigay ng bagong imprastruktura para sa mga tumatawid at mga tawiran, at matugunan ang mga isyu sa kanal sa bahaing mga kapitbahayan ng South Park at Broadview



## IPINANUKALANG PONDO NG PAGPAPATAW NG BUWIS AT MGA GASTOS

Sa katapusan ng 2015, ang kasalukuyang 9-taon, \$365 milyon na pagpapataw ng buwis (na tinawag na Bridging the Gap) ay mapapaso. Ang ipinanukalang Pagpapataw ng Buwis ukol sa Move Seattle ay papalit sa Bridging the Gap at ipagpapatuloy ang mga pagsisikap na mapanatili ang isang ligtas at episyenteng sistema sa transportasyon, habang ginagawa ang higit pa na mamuhunan sa hinaharap na mga pangangailangan sa transportasyon ng ating lungsod. Ang ipinanukalang pagpapataw ng buwis ay magtatagal ng siyam na taon at maglilikom ng \$95 milyon bawat taon, para sa kabuuan ng halos \$900 milyon.

Mababayaran ito sa pamamagitan ng isang buwis sa ari-arian na magkakahalaga sa panggitnang sambahayan ng Seattle (\$450,000) ng halos \$275 bawat taon. Bilang paghahambing, ang mapapasong Bridging the Gap na pagpapataw ng buwis ay nagkakahalaga ng halos \$130 bawat taon para sa panggitnang sambahayan ng Seattle.

Karagdagan sa \$900 milyon na malilikom sa buhay ng pagpapataw ng buwis, ang Lungsod ng Seattle ay nagtataya na ang mga pondong ito ay maaaring gamitin upang mapakilos ang halos \$2 bilyon na karagdagang mga pamumuhunan sa transportasyon.

## MAGING BAHAGI SA PAGBIBIGAY-HUGIS SA HINAHARAP NG ATING TRANSPORTASYON

Kailangan namin ang iyong pakikibahagi at masasabi sa Pagpapataw ng Buwis sa Transportasyon sa Move Seattle. Sama-sama, kaya nating masiguro na ang ating sistema sa transportasyon ay mas epektibo, maaasahan, at aksesibol para sa lahat.

Bisitahin ang [www.seattle.gov/LevytoMoveSeattle](http://www.seattle.gov/LevytoMoveSeattle) upang:

- Sagutin ang Sarbey sa mga Prayoridad hinggil sa Panukala ng Pagpapataw ng Buwis sa Transportasyon
- Lumagda para sa mga email update
- Kumuha ng higit pang mga detalye tungkol sa panukala ng pagpapataw ng buwis
- Tingnan ang aming buong pampublikong kalendaryo sa pagpapaabot

Alamin ang higit pa sa [www.seattle.gov/LevytoMoveSeattle](http://www.seattle.gov/LevytoMoveSeattle)



Dumalo sa isang paparating na pakikipag-usap sa komunidad upang direktang makipag-usap sa kawani tungkol sa panukala at iyong mga prayoridad sa transportasyon:

Pinagtipunang Bulwagan ng Bagong Holly (New Holly Gathering Hall)  
7054 32nd Ave S, Seattle 98118)  
10 NU - 12 NH

Lunes, Marso 30 (Hilagang Seattle):  
Mataas na Paaralan ng Roosevelt (Roosevelt High School)  
1410 NE 66th St, Seattle 98115)  
6 - 8 NG

Martes, Marso 31 (Kanlurang Seattle):  
Mataas na Paaralan ng Kanlurang Seattle (West Seattle High School)  
3000 California Ave SW, Seattle 98116):  
6 - 8 NG